

# Chubby Ako; Pagtatawan AKo

ISINULAT NI: SOPHIA MIKAELA BARREDO
IGINUHIT NI: MELODY JADE E.SORIANO

Sa BACKSTAGE ng isang PAGEANT, nag-uusap ang 10 na taong gulang na Alisha at ang kanyang Ina.






MAMA:
Hindi mo kailangan sumunod sa gusto o nakasanayan ng iba. Alam mo, proud ako sa’yo, ‘nak. Dati, pangarap mo ‘lang ‘to pero ngayon, andito ka na! Promise mo kay mama gagalingan mo ah! Ang Alishang kilala ko, hindi-hinding sumusuko
.

ALISHA:
Hindi naman po ako mapupunta rito kung hindi dahil sa’yo. Para sa`yo ‘to, mama!

MAMA:
Ang sweet naman ng Alisha ko! O siya, uupo na doon si mama ha, laging tandaan…



"Maganda ako. Maganda ka. Mahalaga tayong lahat!"

Nang umalis na ang kanyang ina, nakita ni Alisha na pinagtatawanan siya ng dalawang kalahok sa pageant, at masamang pinaguusapan ang kanyang itsura.

KALAHOK 1:
Ba't pa kasi sumali siya dito? Hindi ba niya alam na BEAUTY pageant 'to? Pagandahan, patalinuhan, at paggalingan. Hindi PABIGATAN at PALAKIHAN.

KALAHOK 2:
Tama! Sinayang 'lang niya oras niya. Halata naman hindi siya mananalo dito. Kadiri! Hindi ba niya ibig sabihin ng "diet"?

KALAHOK 1:
Hay nako, mga GGSS talaga. Gandang-ganda sa sarili... Tumingin kaya siya sa salamin!

KALAHOK 2:
Tara na, magayos na tayo. Ayaw naman natin matulad diyan di ba?




ALISHA:


Totoo nga, dito pa ‘lang pinagtatawanan na ako… Paano na kaya yung mga manonood at hurado? Baka mapahiya ‘lang ako… Kailangan ko sabihin kay mama! ‘Di ko na kaya sumali dito! Teka- Ang Alisha na kilala ni mama, hinding-hindi sumusuko….

Kinalma ni Alisha ang kanyang sarili.




HOST:
At ang ating huling kalahok ay si... Alisha Reyes! Palakpakan po natin siya...






Sa sobrang tuwa, sumigaw ng malakas ang ina ni Alisha! Nagtaka ang mga hurado kung bakit sumali rito si Alisha. Pinagtawanan siya ng lahat ng mga tao maliban sa kanyang suportadong ina.



Kahit siya'y napapahiya, patuloy pa rin siyang sumasayaw sa entablado, bibong-bibo gumalaw habang umabot sa tenga ang kanyang ngiti.

Pagkatapos ng sayaw ni Alisha ay malalaman na kung sino ang panalo. Tinawag silang lahat sa entablado, at pinag-uusapan pa rin siya ng dalawang kalahok.

HOST:
Nakapagdesisyon na ang ating mga hurado. Ang nanalo bilang ating Little Miss Del Pilar ay si... Rose Dionisio!

Umiiyak ang dalawang kalahok at nagdadabog sa entablado.

KALAHOK 1:
Hindi pwede!!!
KALAHOK 2:
Matagal ko 'tong pinaghandaan!!!





Narinig ni Alisha ang mga iyak ng dalawang kalahok kaya linapitan sila nito.

ALISHA:
Huwag na kayong umiyak... Ang mahalaga, nakasali tayo rito. Huwag na rin kayo mag-alala, sa susunod, sigurado akong mananalo kayo! Basta tandaan niyo, kahit payat o mataba, maputi o maitim, maliit o matangkad man, maganda pa rin tayong lahat. Mahalaga pa rin naman tayo kahit ano mang mangyari; hinding-hindi magbabago 'yon. Sa susunod na pagkikita!

Nagtataka at tumigil sa pag-iyak ang dalawang kalahok, at naglakad si Alisha papunta sa kanyang ina na nakangiti. Nagyakapan ang dalawa, at sinabi ng bata na: "

ALISHA:
Chubby ako mama pero, maganda pa rin ako.



# Chubby Ako;
# Pagtatawan AKo